

PAGKAKAMIT NG JAPANESE NATIONALITY SA PAGKILALA NG AMANG HAPON

(Pagkamit ng Japanese Nationality sa ilalim ng artikulo-3 ng batas Hapon)

Consulate General of Japan at Manila

Ang mga batang wala pang 20 taong gulang na may amang hapon at ipinanganak habang hindi kasal ang mga magulang ay posibleng magkamit ng Japanese Nationality kung ito ay kinilala ng amang Hapon.

Mga kondisyon sa pagkamit ng JAPANESE NATIONALITY

- ? Ang mga gustong magkamit ng Japanese Nationality ay kailangang:
 - Siya ay kinilala ng amang Hapon at ang pagkilala ay naitala sa Family registry ng amang Hapon;
 - Siya ay wala pa sa edad na 20 taong gulang;
 - Siya ay hindi pa naging ganap na Japanese National;
 - Ang kanyang ama ay isang ganap na Japanese National nang siya'y ipinanganak at;
- ? Ang amang kumilala sa aplikanteng gustong magkamit ng nationality ay kailangan may Japanese Nationality hanggang sa kasalukuyan (kung sakaling pumanaw na, kinakailangan siya'y ganap na Japanese National sa panahon ng pagkapanaw).

Pansamantalang aksyon sa pagkamit ng Nationality: Yong mga taong nakasunod sa lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay maaari din magkamit ng Japanese Nationality sa pamamagitan ng petisyon bago matapos ang ika-31 ng Disyembre sa taong 2011 lang.

- ? Yong mga ipinanganak kabilang mula noong Enero 02, 1983.
- ? Yong mga kinilala ng kanilang ama bago sila tumuntong sa edad na 20.
- ? Ang kanyang ama ay isang ganap na Japanese National nang siya'y ipinanganak.
- ? Kailangan sa kasalukuyan may Japanese Nationality ang ama (kung sakaling pumanaw na, kinakailangan siya'y ganap na Japanese National sa panahon ng pagkapanaw).

I. Paraan ng pagsumite ng pagkilala. (gaganapin sa Consulate-general of Japan sa Manila)

(1) Mga dokumentong isusumite

- ? Kosekitohon galing sa kumilalang amang Hapon (Family Registry o yong certificate sa isang kabuuan ng Family registry) dalawang kopya
- ? Certified true copy ng birth certificate ng bata (dapat may registry number at may orihinal na selyo o tatak na certified true copy kapag hindi galing sa NSO). kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.
PAALAALA: Tiyaking mabuti sa birth certificate ng bata na nakasulat ang pangalan ng ama.
- ? Certified true copy ng birth certificate ng ina (dapat may registry number at may orihinal na selyo o tatak na certified true copy). kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.
- ? CENOMAR ng ina, certificate of non-record of marriage na galing sa National Statistics Office (NSO) na nagpapatunay na hindi kasal ang ina noong ipinanganak ang bata. kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.

? **Maaaring humingi pa ng mga ibang dokumento kung kinakailangan.**

- (2) Ang taong kailangang mag report: Kailangan ang amang hapon mismo ang pupunta, daladala ang kanyang I.D. na may larawan (kagaya ng pasaporte) at ang mga dokumentong nabanggit sa itaas. Kailangan siya ang mag sulat at lumagda sa dalawang report forms ng pagbibigay-alam sa pagkatanggap sa bata na matatagpuan sa consulate.

II. Paraan para makamit ang Japanese Nationality. (gaganapin sa Consulate-general of Japan sa Manila)

1 Mga dokumentong isusumite

? Family registry {kosekitohon} ng ama (Family registry bago ibinago {kaiseigen koseki tohon}, tinanggal sa Family registry {joseki tohonon} o yong certificate ng isang kabuuan ng Family registry {zenbujiko shomeisho} kakailanganin din) mula sa kapanganakan ng bata hanggang sa kasalukuyan.
tig daalwang kopya

? Certified true copy ng birth certificate ng bata (dapat may registry number at may orihinal na selyo o tatak na certified true copy kapag hindi galing sa NSO). kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.

PAALAALA: Tiyaking mabuti sa birth certificate ng bata na nakasulat ang pangalan ng ama.

? Residence certificate na galing sa opisina ng barangay kung saan nakatira ang bata. kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.

? Certified true copy ng birth certificate ng ina, kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.

? CENOMAR ng ina, certificate of non-record of marriage na galing sa National Statistics Office (NSO) nagpapatunay na hindi kasal ang ina noong ipinanganak ang bata. kalakip ang nakasalin sa salitang hapon tig dalawang kopya.

? Mga katibayang hawak ng mga magulang kaugnay sa kanilang kasaysayan ng paglakbay habang nagdadalangtao ang ina (pasaporte, Certificate of Travel Record na galing sa Philippine Bureau of Immigration and Deportation, at iba pa.): isang set

? Sinumpaang salaysay sa mga pangyayari (dapat nakasalin sa salitang hapon-kung hindi ito nakasulat sa salitang hapon): isang kopya

A. Kabuuang salaysay kung paano nagkakilala ang mga magulang

B. Kabuuang salaysay ng kanilang relasyon hanggang sa panahon na ipinanganak ang bata

C. Kabuuang salaysay ng kanilang relasyon simula nung kapanganakan ng bata hanggang sa pagkilala ng ama sa bata

D. Kabuuang salaysay ng kanilang relasyon simula nung kinilala ang bata ng kanyang ama hanggang sa kasalukuyan (magkasamang nanirahan ang ama at bata; yong taong sumusuporta sa bata)

E. Kasaysayan ng kanilang pagsasama bilang mag-asawa at katayuan sa kasalukuyan

F. Lagda at petsa

? Dalawang larawan (5cm x 5cm kuha sa loob ng anim na buwan)

a. Kung ang bata ay wala pa sa edad na 15 taong gulang, kailangan kasama ang mga magulang sa larawan. (kasama sa larawan ang mga magulang ng bata kung sila'y kasal at kahit hindi sila kasal, maaring tanggapin din kahit ang ina lang ang kasama ng bata sa larawan)

b. Kung ang bata ay nasa 15 taong gulang pataas: mag isa lang ang bata sa larawan.

? **Maaaring humingi pa ng mga ibang dokumento kung kinakailangan.**

2 Ang taong kailangang mag report para sa pagkamit ng Japanese Nationality:

A. Kung ang bata ay wala pa sa edad na 15 taong gulang, kailangan magpakita kasama ang piniling parental authorities ng bata (kasama sa pagpunta ang mga magulang ng bata kung sila'y kasal at kahit hindi sila kasal, maaring tanggapin din kahit ang ina lang ang kasama ng bata)

B. Kung ang bata ay nasa 15 taong gulang pataas, kailangan magpakita ang bata, pwedeng mag isa ang bata sa pag report.

Ang aplikante o mga aplikante ay kailangang magdala ng kanilang I.D. na may larawan (kagaya ng pasaporte) at ang mga dokumentong nabanggit sa itaas. Kailangan sulatan at lumagda sa dalawang report forms ng pagkamit ng Japanese Nationality ng bata na matatagpuan sa consulate.

*Humigit-kumulang mga 2 buwan ng pagka report, magbibigay alam ang Ministry of Justice sa resulta ng inyong pagkamit ng Japanese Nationality sa pamamagitan ng Embahada, at sa puntong ito ay kakailanganin niyong iparehistro sa Family Registry.

